# "Sa aling bagay nagsisimula noon ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, kapag pumasok siya sa bahay niya?" Nagsabi siya: "Sa siwāk."

Ayon kay Shurayḥ bin Hāni’ na nagsabi: Nagsabi ako kay `Ā’ishah, malugod si Allah sa kanya: "Sa aling bagay nagsisimula noon ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, kapag pumasok siya sa bahay niya?" Nagsabi siya: "Sa siwāk."
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinababatid ni `Ā’ishah, malugod si Allah sa kanya, na ang unang sinisimulang gawin ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, sa pagpasok niya sa bahay niya ay ang paggamit ng siwāk. Ang pagkaitinatagubilin ng siwāk ay sumasaklaw sa lahat ng mga oras. Nagiging tiyak iyon sa mga oras na itinagubilin ng tagapagbatas iyon. Kabilang sa mga iyon ay kapag pumasok sa bahay. Marahil iyon ay upang alisin ang natatamo karaniwan dahilan sa dami ng pagsasalitang ibinubunga ng pagtitipon.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee